

### **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-6 ng Abril 2020**

Walang pagbabago sa dami ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 ngayong araw, at may karagdagang mga resulta ng pagsusuri ang inaasahan bukas bandang katapusan ng araw.

Kahapon ay inanunsyo na may natanggap na pangalawang positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, mula sa isang indibidwal sa Mount Pleasant Complex na matagal nang naninirahan doon.

Kamakailan lamang ay inilagay ang indibidwal na ito doon sa isolation bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos para sa pagharap sa mga posibleng kaso.

Ang batang babae na nagkaroon ng seryosong respiratory condition na walang kinalaman sa COVID-19 ay kasalukuyang inaalagaan sa isang non-isolation na parte ng ospital at patuloy na bumubuti ang kalagayan.

Ang Gobyerno ng Falkland Islands ay nakikipag-ugnayan sa BFSAI upang pamahalaan ang mga paggalaw sa pagitan ng Stanley and Mount Pleasant Complex.

Ang unang pasyente na lumabas na positibo sa COVID-19 ay galling din sa MPC at nasa pangangalaga na at isolation section ng King Edward Memorial Hospital.

Bumubuti na ang kalagayan ng unang pasyente na nasa pangangalaga ng KEMH at nasa isolation. Sila ay tinanggap noong nakaraang linggo mula sa MPC. Ang resulta ng kanilang pagsusuri ay nakatakdang matanggap ngayong linggo.

Mula noong Sabado, 137 na sample ang nakuha at natanggap natin ang 116 na resulta. 114 ay lumabas na negatibo at dalawa (2) dito ang naging positibo. Ang isa ay hindi dumaan sa pagsusuri tulad ng mula sa isa sa mga pasyente na meron nang positibong resulta.

Ang nalalabing bente (20) na samples na idadaan sa pagsusuring laboratoryo ay dumating na sa UK sa pamamagitan ng Airbridge.

Kapag natanggap na natin ang mga resulta, isasaalang-alang ng Gobyerno kung kailangang magpatuloy ang mga paghihigpit. Ang pahayag tungkol sa katayuan ng kasalukuyang paghihigpit ay iaanunsyo sa Miyerkules ng ating Chief Executive.